# Balitang Manmin

BILANG 186 SETYEMBRE 3, 2017

## Nagkaroon ng Pagbabagong Espirituwal sa Gitnang Silangan sa Ginanap na mga Pagpupulong na may Panyong Nakapagpapagaling sa Abu Dhabi, Dubai, at Ehipto



Tapat ang Manmin Central Church sa pangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buong mundo. Aktibo ang pangangaral ng ebanghelyo kahit sa Gitnang Silangan kung saan 90% ng populasyon ay Muslim. Ang ministeryo ng pagbobrodkast ng Isaac TV, na umaabot sa Asya at Gitnang Silangan, at ang madalas na pagbisita at pagdaraos ng mga pulong ay nakapagpasaya at nakapagpalakas ng loob ng mga pastor na Pakistani sa Gitnang Silangan. Noong Hulyo 2017, nagdaos si Pastor Taesik Gil (Daejeon Manmin Church) ng tatlong pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa lugar na ito.

Noong Hulyo 7, 2017, ang unang pagpupulong ay ginawa sa Living Water Church (Pastor Yonas Tsegaye Gebrewold) sa Abu Dhabi. Ito ang pangunahing lunsod ng United Arab Emirates. Dinaluhan ito ng may 600 tao (litrato 1 at 4). Noong taong 2015, bumisita si Pastor Gebrewold sa Manmin Central Church para makipagdiwang ng ika-33 anibersaryo ng iglesya, malaking pagpapala ang tinanggap niya sa pagupulong nila ni Dr. Lee. Noong taong 2016, inanyayahan niya si Pastor Gil sa iglesya niya para magdaos ng pulong na may panyong nagpapagaling. Maraming napagaling mula sa mga karamdaman.

Sa pulong para sa taong 2017, inihatid ni Pastor Gil ang mensaheng, “The Mystery Hidden Before the Ages” (Ang Misteryong Itinago Bago Pa Magsimula ang Panahon, 1 Mga Taga-Corinto 2:6-9). Nang manalangin siya para sa mga maysakit gamit ang panyo na dinalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), naging malinaw ang mga mata ng isang taong pitong-taong hindi makakita kapag walang salamin sa mata, ang isa naman ay gumaling mula sa gastritis na matagal nang hindi gumagaling. Nakarinig naman ang isang miyembrong bingi (litrato 7).

Kinagabihan, ang sumunod na pagpupulong ay idinaos sa King’s Revival Church (Pastor Manzur Barkat) sa Dubai. Ito ang pinakamalaking lunsod sa United Arab Emirates, 300 tao ang dumalo sa pulong na ito (litrato 3). Ipinangaral ni Pastor Gil ang mensaheng, “Keys to Receiving Answers” (Mga Paraan para Tumanggap ng mga Kasagutan, Juan 5:8-9). nang idalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyo, maraming tao ang gumaling mula sa kanilang mga karamdaman. Nabalitaan ni Pastor Manzur Barkat ang tungkol sa ministeryo ng Manmin sa krusada ni Dr. Lee sa Pakistan noong taong 2000, mula pa noon, hinangad na niyang makasama sa gawain ang Manmin.

Noong Hulyo 9, idinaos ang pangatlong pulong sa Cairo, Ehipto. Dahil Linggo noon, nagkaroon ng pagsamba at pulong na may panyong nakapagpapagaling. Nagsilbing tagapagsalita si Pastor Gil, may 200 taong dumalo. Ibinahagi niya ang mensaheng, “Why Is Jesus Our Only Savior?” (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?), batay sa Mga Taga-Roma 5:8. Idinalangin nila ang mga maysakit gamit ang panyong makapangyarihan (litrato 2-5).

May isang lalaking anim na buwang hindi makapaglakad kung walang tungkod, pero dahil sa panalangin, nakapaglakad siya kahit wala ito. Niluwalhati niya ang Diyos, nililibot ang buong santuwaryo. Gumaling ang mahinang pandinig ng isang tao. At may isa pang gumaling mula sa paralisadong kanang braso at binti. Sampung taon na siyang walang kakayahang humawak at magbitbit ng mga bagay, pero masaya niyang ibinahagi ang tungkol sa paggaling habang bitbit ang mikropono (litrato 6 at 8).

May ibinahaging masayang balita si Pastor Melad Youssef ng Pentecostal Church, sinabi niya, “Noong taong 2014, may isang babaing baog. Dumalo siya sa seminar ni Pastor Gil at tinanggap ang panalangin na may panyong nakapagpapagaling. Dahil sa panalangin, nagbuntis siya at nanganak ng isang sanggol na babae. Lumalaki ng maayos ang anak niya.”

Hiniling ni Rev. Atef Fouad, Presidente ng Pentecostal Assembly of Churches, Ehipto, kay Pastor Gil na bumisitang muli, sinabi niya, “Nakita ko ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Sumigla ang pananampalataya ng maraming miyembro ng iglesyang ito at gumaling sila mula sa mga karamdaman.” Sinabi ni Pastor Ibrahim Hanna, Bise Presidente, habang may pusong nagpapasalamat, “Nadama ko ang presensya ng Diyos at tumanggap ako ng pagpapala sa mensaheng tungkol sa buhay na pinagpala ng Banal na Espiritu. Sumigla ang buhay ko bilang Cristiano!”

Noong Hulyo 10, nakipagkita si Pastor Gil sa mga pastor ng Pentecostal Church, Ehipto, at noong Hulyo 12, mga pastor ng Manmin Foundation ng Cairo naman ang pinuntahan niya (litrato 9-10). Ang organisasyon (Tagapagtatag: Pastor Azez Morgan) ay binuo batay sa paniniwalang ang ebanghelyo ng kabanalan lang ang makapagpapabago sa Ehipto. Inihahatid nila sa mga tao ang mga sermon, mga libro, at iba pang materyal ni Dr. Lee na ipinalalabas at inilalathala ng Manmin. Umaasa sila na ang salita ng buhay at ng mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos ay maihahatid sa buong Ehipto.

Ihandog natin sa Diyos ang lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian. Ito ang nagdadala ng malaking espirituwal na pagbabago sa mga pastor at mananampalataya sa Gitnang Silangan sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan at mga pagpapakita ng mga tanda.

# Diyos na Nagpapagaling (1)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Na sinasabi, 'Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Ehipcio; sapagkat Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo.'"
(Exodo 15:26)

Nais ng Diyos na manatiling malusog ang minamahal Niyang mga anak at walang kahit anumang karamdaman. Ang bawat karamdaman ay may dahilan. Pag-aralan natin ngayon kung ano ang mga dapat gawing paghahanda bago humarap sa Diyos na Nagpapagaling at kung bakit nagkakasakit ang isang tao.

### 1. Bago Makipagtagpo sa Diyos, Ihanda Natin ang Sisidlan ng 'Pananampalataya'

Mababasa natin sa Biblia ang mga ipinakitang nakamamanghang kapangyarihan. Nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, at nakapaglakad at nakatalon ang mga lumpo. Gumaling ang iba't ibang karamdaman tulad ng ketong, at nabuhay pati ang mga patay. Nang makita ng mga tao ang kapagyarihang ito, may mga tumanggap ng mga sagot sa kanilang mga kahilingan at ang iba naman ay hindi. Depende ito sa pananampalatya nila, kung may pananampalataya ba sila o wala?

Sa Mateo 9, may nasulat tungkol sa isang babaing labindalawang taon ng mayroong pagdurugo. Nagtiwala siya na gagaling siya kung mahahawakan man lang niya ang laylayan ng balabal ni Jesus. Nangyari ang pinaniwalaan niya nang hawakan niya ng balabal ni Jesus. Nakasulat sa Marcos 2 ang tungkol sa paggaling ng isang paralitiko. Hindi siya makalapit kay Jesus dahil napakaraming tao. Iniakyat siya ng mga kaibigan niya sa bubong ng bahay at ibinaba siya sa harapan ni Jesus sa pamamagitan ng pagbubutas sa bubungan ng bahay. Nanampalataya ang paralitiko at ang mga kaibigan niya na gagaling siya kapag napalapit siya kay Jesus.

Makikita natin sa mga pangyayaring binanggit, na dapat nakahanda ang sisidlan ng 'pananampalataya' para tumanggap ng mga kasagutan mula sa Diyos. Kapag nanampalataya kayo, walang imposible para sa Diyos; Siya ang pinakamakapangyarihan (Jeremias 32:27).

Marami kayong nakita, narinig, at naranasang pagpapakita ng kapangyarihan ng pagpapagaling sa iglesyang ito. Nang manalangin sila at manampalataya kahit ang mga karamdamang hindi na pwedeng gamutin tulad ng AIDS, lukemya, at iba't ibang kanser ay gumagaling. Gumaling din ang mga sakit sa baga at mga nakausling mga buto sa gulugod. Naging magkasinghaba ang mga binti ng isang taong maysakit na polio, gumaling ang may lamat na buto at putol na litid. Nakatalon at nakapaglakad ang mga gumagamit ng silyang may gulong. Nakakita ang mga bulag at nakapagsalita ang mga pipi. Gumaling at bumalik sa normal ang mga taong walang pag-asang mabuhay dahil nalason ng carbon monoxide gas, at iba pang mga dahilang nakamamatay.

Ganito rin ang nangyari sa mga krusada sa ibang bansa, sabay-sabay na nagsigaling ang mga taong maysakit nang idalangin ko sila mula sa entablado pagkatapos ng mensahe.

### 2. Ang mga Dahilan ng Karamdaman

#### 1) Kasalanan

Nang likhain ng Diyos ang langit, lupa, at lahat ng bagay na narito, walang karamdaman, walang sakit, walang kalamidad, at walang kamatayan. Pero nang magkasala ang unang nilalang na si Adan, nagkaroon ng mga mikrobyo at bakterya na nagdadala ng impeksyon. Ibig sabihin, ang pagkakasala ni Adan ang dahilan ng lahat ng karamdaman.

Pinapahiwatig ng Exodo 15:26 na ang dahilan ng mga karamdaman ay kasalanan. "...ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay sa mga Ehipcio." Tinutukoy dito ang lahat ng karamdaman sa mundo.

Pero bigyang pansin natin ang tungkol sa bulag na lalaki na nakasulat sa aklat ng Juan 9, hindi ito resulta ng kasalanan. Ipinanganak siyang bulag para maipakita ng Diyos ang kapangyarihan niya. Pero kadalasan, ang orihinal na dahilan ng karamdaman at kahinaan ay kasalanan.

Kaya kung gusto ninyong malutas ang problema ninyo sa karamdaman at kahinaan, lutasin muna ninyo ang problema sa kasalanan. Sa Marcos 2, nang lumapit ang lumpo kay Jesus, nakita Niya ang pananampalataya nito at sinabi, "Anak, pinatatawad na ang iyong mga kasalanan." Pagkatapos, sinabi Niya dito na tumayo, damputin ang higaan, at umuwi. Tumayo ito agad at naglakad.

Sa madaling salita, pagsisihan muna ninyo ang kasalanang pagsuway sa salita ng Diyos, bago tanggapin ang kapatawaran. Pagkatapos, gagaling kayo sa lahat ng klaseng karamdaman.

#### 2) Magkakaroon ng mga Karamdaman Kapag Nilabag Ninyo ang Pisikal na Batas

May mga taong hindi maingat sa katawan nila, inaabuso nila ito. Subsob sila sa pagtatrabaho, hindi kumakain sa oras o kaya, sobrang kumain. Kadalasan hindi masustansya at balanse ang kinakain nila. Paglabag ito ng batas na pisikal na itinakda ng Diyos. Dahil dito, may mga taong hindi mapoprotektahan.

May mga taong sila mismo ang sumisira sa katawan nila, umiinom sila ng alak o naninigarilyo. Hindi nila mapigilan ang sarili nila, hinahanap ng katawan nila ang alak at sigarilyo. Dapat nilang pagsisihan ang hindi nila pagsunod sa Salita. Hindi dapat abusuhin ang katawan na ibinigay sa kanila ng Diyos at panatilihin itong banal.

#### 3) Nagdadala ng Karamdaman ang Takot o mga Problema sa Pag-iisip

May mga karamdaman na nagmumula sa patuloy na pagpapagod ng isipan dahil sa pag-aalala at pagkabahala. O kaya kung nagkikimkim sila ang sobrang galit, poot, o kalungkutan. Pwede itong maging problema sa pag-iisip tulad ng neurosis, depresyon, at biglang pagkaba ng dibdib at takot. Nagiging sanhi ito ng iba pang problema sa katawan. Kung minsan, isinusuko ng mga mahihina ang pag-iisip ang utak at puso nila sa laman. Nagiging bihag sila ng puwersa ng kadiliman.

Hindi kayo magkakaroon ng ganitong klaseng karamdaman kung susundin ninyo ang Salita ng Diyos. Sinabi ng Diyos, "Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, kundi sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at pagsamo na may pagpapasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong kahilingan sa Diyos." Sinabi din Niya sa atin na magalak palagi, magpasalamat sa lahat ng bagay, mahalin ang mga kaaway, at huwag mapoot. Pero hindi kayo makapagpatawad, masama ang loob at galit dahil may poot, sama ng loob, at mainitin pa rin ang ulo ninyo, hindi ninyo magawang magpasalamat, at magalak, dahil nag-aalala kayo. Ipinapakita nito na wala kayong tiwala sa Diyos, ito ay hindi tama sa paningin Niya. Kaya pagsisihan ninyo ito.

#### 4) May mga Karamdamang Dala ng Kaaway na Diyablo

Ito ay pagiging bihag ni Satanas o pagsapi ng kaaway na diyablo. Ito rin ay mga pisikal na kahinaan o karamdaman na dinadala ng kaaway na diyablo at Satanas. Makikita ang mga ito sa mga pamilyang matindi ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Kinapopootan ng Diyos ang pagsamba sa mga diyus-diyosan.

Sinasabi ng Exodo 20:5, "Huwag mo silang yuyukuran, o paglilingkuran man; sapagkat Akong PANGINOON mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na Aking pinarurusahan ang mga anak dahil sa kasamaan ng mga magulang hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa Akin."

Umaabot sa ikatlo at ikaapat na henerasyon ang epekto ng pagsuway at paglaban sa Diyos ng mga tao sa pamamagitan ng pagsamba sa mga diyus-diyosan. Paulit-ulit na dumadating sa mga pamilyang ito ang mga problema tulad ng mga karamdaman, kapansanan, sakit sa pag-iisip, pagkasugapa sa alak, depresyon, at pagpapatiwakal. Pero pwedeng maprotektahan pati ang mga pamilyang tulad nito kung tatanggapin nila ang Panginoon at susundin ang Salita ng Diyos.

Kung ang mga ninuno ninyo o kayo mismo ay gumawa ng masasamang bagay, pwede kayong bihagin ni Satanas o sapian ng mga demonyo. Ito ay kung gumawa sila ng matinding kasamaan na lumalampas sa limitasyon kahit sinabi nilang nananampalataya sila. Sa kabilang banda, kung may problema sa pag-iisip ang isang pasyente at hindi siya pwedeng makinig o umintindi ng Salita ng Diyos, huwag muna siyang pumunta sa templo ng Diyos. Ang nagmamahal na pamilya niya ang dapat magsisi para sa kanya, at tanggapin ang panalangin ng may pananampalataya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung ihahanda ninyo ang sisidlan ng pananampalataya na nais ng Diyos at lulutasin ang problema ninyo sa kasalanan, lahat ng bagay ay magiging posible. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na gumaling kayo mula sa karamdaman sa pamamagitan ng pananampalataya, malutas nawa ang lahat ng problema ninyo, at magkaroon ng malusog na pangangatawan at espiritu.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Naranasan Ko ang Kapangyarihan ng Muling Paglikha!"



Retreat sa Tag-init ng Manmin Taong 2016

**Sa Retreat sa Tag-init na idinadaos taun-taon tuwing simula ng buwan ng Agosto, maraming tao ang gumagaling mula sa maraming klaseng mga karamdaman tulad ng AIDS, depresyon, atake sa puso, pagdurugo ng utak, dementia, at pagkabulag. Basahin natin ang mga patotoo nila tungkol sa kanilang paggaling.**

## "Lumaya Ako Mula sa Depresyon, Nagising Ako Mula sa Coma!"

Kapatid Jaswant Singh,
69 taong gulang,
Chennai Manmin Church, India



Nagkaroon ako ng depresyon at nahirapang huminga nang mamatay ang asawa ko ilang taon na ang lumipas. Labinlimang taon akong uminom ng gamot pagkatapos na maoperahan sa puso. Noong Agosto 2, 2016, lumala ang sakit ko, dinala ako sa ospital.

Kinabukasan, inilipat ako sa intensive care unit, ang kwarto para sa mga malalang kalagayan. Pinatawagan ko sa anak kong babae si Pastor Joseph Han na nasa Retreat sa Tag-init ng Manmin sa Korea para tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa akin. Pero dahil nasa bahay panalanginan ang Punong Pastor, hindi posibleng tanggapin ni Pastor Han ang panalangin niya.

Maagang-maaga kinabukasan, Agosto 7, Linggo, inatake ako sa puso, nawalan ako ng malay at hindi nagising nang matagal. Nang sandaling iyon, nakipagkamay si Pastor Han kay Dr. Lee, nakasulat sa kamay niya ang pangalan ko. Nagkamalay akong bigla!

Inilipat ako sa kwarto para sa mga pasyenteng malapit ng gumaling. Kinabukasan, pinauwi na ako. Lubos ang paggaling ko mula sa insomnia at depresyon. Hallelujah!

Noong Enero 2017, nagkaroon ng hindi pangkaraniwang sakit ang apo kong si Shawn, 11 taong gulang, palaki ng palaki ang buto sa ilong niya. Gumaling siya dahil sa panalangin ng Punong Pastor. Pinaghahandaan ko ang Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong ito, masaya at may pusong nagpapasalamat.

## "Nabulag ang Kaliwang Mata Ko, Pero Gumaling Ito, Naging Malinaw ang Paningin Ko!"

Kapatid Sangyeong Park
52 taong gulang, Parokya 4,
Manmin Central Church



Noong Hulyo 1990, naaksidente ang kotseng sinasakyan ko. Nabagok ang ulo ko at naapektuhan ang utak ko, kinailangan maoperahan ito. Nagkaroon ng malalaking sugat ang utak ko kaya nabulag ang kaliwang mata ko. Madilim ang paningin ko sa matang ito. Nababangga ko ang mga taong nasasalubong ko at nagkaroon ako ng marami pang aksidente dahil hindi makakita ang kaliwang mata ko.

Noong Agosto 8, 2016, unang araw ng Retreat sa Tag-init ng Manmin, may nangyaring nakakamangha, hindi ako nakarating ng maaga sa Deokyusan Resort kaya hindi ako nakapunta sa Jumping Park kung saan gaganapin ang seminar. Pero dahil may smartphone ako, nagawa ko pa ring tanggapin ang panalangin ng Punong Pastor sa pamamagitan ng pagbobrodkast ng GCN. Habang nananalangin, may naramdaman akong malamig sa mga mata ko, unti-unting nagliwanag ang paningin ko. Pagkatapos ng panalangin, nakakaaninag na ako ng kaunting liwanag, at hindi nagtagal, nakikita ko na ang mga tao sa harapan ko.

Noong Setyembre, ang paningin ko ay 0.15, at noong Pebrero 2017, ito ay 0.2. Bumubuti ito habang lumilipas ang panahon.

Ang isa pang epekto sa akin ng operasyon sa utak ay insomnia, hindi ako makatulog. Ilan taon din akong uminom ng pampatulog na zolpidem. Maraming side effects ang gamot na ito kaya sinikap kong itigil ang pag-inom nito, pero hindi naging madali, hinanap na ito ng katawan ko. Kapag hindi ako makainom nito, hindi ako matutulog, o kaya, babangungutin ako, o kaya magiging matatakutin ako at nerbiyoso.

Pero pagkatapos ng retreat sa tag-init, mahimbing na ang tulog ko kahit hindi ako uminom ng zolpidem. Hallelujah!

Nakikita ko na ang rear view mirror sa kaliwa at nakapagmamaneho na ako ng iba't ibang sasakyan. Dahil sapat ang tulog ko, hindi na ako magagalitin. Masaya at malusog ako. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos.

## "Gumaling ang Karamdaman Kong Color Amblyopia, Sinabing Hindi Ito Nagagamot!"

Kapatid Jeongwoo Cheon
13 taong gulang,
Masan Manmin Church



Nong Mayo 2016, sinabi ng doktor (opthalmologist) na maysakit akong color amblyopia, hindi nakakikilala ng kulay ang mga mata ko. Sinabi rin niya na hindi ako pwedeng maging marino, o piloto, o doktor, dahil sa sakit na ito. Nag-alala ako, pero sandaling panahon lang. Naalala ko at nagpapasalamat ako dahil malapit na ang Retreat sa Tag-init ng Manmin, maraming gumagaling doon mula sa iba't ibang karamdaman. Pinaghandaan ko, ng mga magulang ko, at ng kapatid kong lalaki ang retreat, umasa at nanampalataya kami na tatanggap kami ng kasagutan.

Noong unang araw ng retreat, Agosto 8, idinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga maysakit. Inilapat ko ang mga kamay ko sa mga mata ko. Pagkatapos ng panalangin, mumulat ako. Nasilaw ako sa mga ilaw sa entablado. Batid ko na magaling na ang mga mata ko. Kinuha ko ang smart phone ko para suriin ang mga mata ko. Nababasa ko na ang mga numero at letra na malabo noon. Hallelujah!

Naglilingkod ako ngayon bilang Presidente ng Paaralang pang-Linggo para sa mga bata. Gusto kong maging mabuting halimbawa sa mga estudyanteng katulad ko para maluwalhati ang Diyos sa pamamagitan ko.

## "Gumaling Ako Mula sa Impeksyon sa Bituka Habang Nagsasanay para sa Palaro!"

Diakonesa Haesook Lee,
61 taong gulang, Parokya 24
Manmin Central Church




Bago matapos ang Hulyo 2016, sumakit ang bandang kanang ibaba ng tiyan ko. Nang tanggapin ko ang panalangin ng Punong Pastor na naka-record sa Automated Response System sa telepono, nawala ang pananakit. Noong panahong iyon, nagsasanay ang 3rd Great Grand Parish para sa Roll-a-Ball sa palaro ng Retreat sa Tag-init ng Manmin. Isa ako sa mga napiling maglaro. Noong Agosto 2, kahit medyo mabigat ang pakiramdam ko, sumama ako sa pagsasanay.

Noong Agosto 3, sumakit na naman nang matindi ang kanang bahagi ng tiyan ko, hindi ako nakatulog. Pumunta ako sa ospital. Pagkatapos ng CT scan, nasuring may impeksyon ako sa bituka.

Magang-maga ang bituka ko na malapit sa appendix, nagnanana ang paligid nito. Malalang-malala ang kalagayan nito, nahawa na ang ibang bahagi ng tiyan ko. Nalaman ko na may posibilidad na magka-peritonitis o septicemia ako, kailangang maoperahan ako agad. Itinakda ng doktor ang operasyon ko kinabukasan. Pinag-isipan ko kung bakit nagkaroon ako ng ganitong sakit. Naalala ko na madalas akong magreklamo tungkol sa lahat ng bagay. Pinagsisihan ko ito, at naging masaya ako. Nagsanay ako para sa palaro, at pagkatapos ng pagsasanay, umuwi na ako. Natulog ako pagkatanggap ko ng panalangin ng Punong Pastor.

Kinaumagahan, Agosto 4, nasira ang tiyan ko, kulay berde ang dumi ko. Pagkatapos, nawala na ang masakit na nararamdaman ko sa aking tiyan, bumuti ang pakiramdam ko. Sinabi ng doktor na hindi na lumabas sa pagsusuri ang impeksyon sa tiyan ko, hindi na kailangan ng operasyon. Hallelujah!

CT scan



Bago idalangin
Nagnanana at namamaga ang bituka sa tiyan



Pagkatapos idalangin
Wala na ang nana, hindi na ito namamaga



Kapatid Cheisusun,
35 taong gulang,
Taiwan Manmin Church

## "Gumaling ang Tatay Ko Mula sa Malalang Pagkalimot (Dementia)!"

Noong Pebrero 2013, may nagsama sa akin sa Taiwan Manmin Church. Natiyak ko na mayroong Langit at Impiyerno. Nagsimula akong manalangin at magbago. Naging masigasig ako sa pangangaral ng ebanghelyo lalo na sa pamilya ko. Naranasan ko din ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Gumaling ang impeksyon ko sa mga mata.

Noong Hunyo 2, 2016, hindi na normal ang pagkilos ng tatay ko, ayaw na niya akong tingnan, Kinabukasan, bigla na lang siyang nagalit, at naghubad. May mga sinabi siya na hindi maintindihan at kakaiba ang kilos niya. Noong Hulyo 20, ipinasuri namin siya, at sinabi ng doktor na malala ang sakit niya sa pagkalimot. Naghandog ako at ang pamilya ko ng 21 araw na panalangin sa pulong panalanging Daniel, nag-ayuno, at tumanggap ng panalangin para sa mga maysakit. Nabawasan ang hindi maipaliwanag na galit niya.

Bumisita ako sa Korea para lumahok sa Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2016. Dinala ko ang litrato ng tatay ko at ibinahagi sa iglesya kung ano ang sakit nito. Noong Agosto 7, idinalangin siya ng Punong Pastor sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga.

Ipinakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya na lumalampas sa lugar at panahon. Pagkatapos ng pagsamba, kinausap ko sa telepono ang nanay ko. Sinabi niya na kumikilos at kumakain na ang tatay ko. Nawalan kasi ito ng ganang kumain at wala ng ibang ginawa kundi matulog.

Noong Agosto 8, dumalo siya sa retreat sa Taiwan sa pamamagitan ng internet. Tinanggap din niya ang panalangin ng Punong Pastor. Pagkatapos ng panalangin, nagbalik ang alaala niya at lahat ng sakit niya ay nawala. Hallelujah! Noong Setyembre 20, muli siyang nagpasuri, at nakitang bumalik na siya sa normal na kalagayan. Nagpapasalamat at niluluwalhti ko ang Diyos na nagpakita sa amin ng kamangha-manghang kapangyarihan Niya. Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa tatay ko.

Ayon sa doktor



Bago idalangin, nasuring may sakit siya sa pagkamalilimutin (kaliwa)
Pagkatapos ng panalangin, gumaling siya (kanan)

## "Gumaling ang Malalang Pagdurugo ng Utak Ko!"



Punong Diakonesa Jinhee Kim,
55 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church

Noong Hulyo 31, 2016, parang naubos ang lakas ng katawan ko. Pakiramdam ko, namamanhid ang kanang bahagi nito. Wala akong panahong magpasuri sa ospital agad. Kaya pagsapit ng ika-11:00 ng gabi, agad akong pumunta sa emergency room ng Boramae Hospital. Sumailalim ako sa CT Scan, nakita doon na may pagdurugo sa utak ko.

Sinabi ng doktor, "Tatlumpung oras na ang nakalipas, hindi na ito pwedeng gamutin o operahan. Dahil malala ang kondisyon mo, baka magdugo pati ang utak mo at magkaroon ng iba pang problema." Nanatili ako sa intensive care unit, buong gabi ako doon, maraming pagsusuri ang ginawa sa akin. Pero panatag ako at nagpapasalamat.


Kinabukasan, Agosto 2, sinabi ng doktor, namamangha, "Parang wala kang problema, ang ibang taong may nararamdamang sakit na tulad ng sa iyo ay magiging hindi na normal ang pagkilos." Dinala ako sa general ward. Noong Agosto 3, mabuti na lang at tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor nang umuwi siya mula sa bahay panalanginan sa bundok. Idinalangin niya ang kalagayan ko at ang espesyal na papuri at pasasalamat ko.

Noong Agosto 4, nakita sa MRI na mayroon pa rin akong pagdurugo, pero walang nakitang sintomas sa akin. Nabigla at nalito ang doktor.


Sinabi ko sa kanya na itutuloy ko ang pagkanta kinabukasan sa espesyal na papuri sa pagsamba sa iglesya. Nabigla siya, sinabi niya, "Huwag na lang! Hindi ka pwedeng kumanta. Kung kakanta ka, mas magkakaroon ng pagdurugo sa utak mo. Baka ikamatay mo ito." Noong Agosto 5, itinuloy ko ang pag-awit ng espesyal na papuri at nanampalataya sa Diyos na Nagpapagaling. Umawit din ako at nagpuri sa Diyos sa Magdamag na Pagsamba Twing Biyernes (kaliwa).

Noong Agosto 8, dumalo ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor at nanampalataya ako noong unang araw ng seminar. Noong Agosto 17, nagpa-CT scan ulit ko. Sinabi ng doktor na tumigil na ang pagdurugo at normal na ang lahat. Hallelujah!

CT scan



Bago ang panalangin
2sm ang laki ng bahaging nagdurugo sa utak



Pagkatapos ng panalangin
Wala na ang pagdurugo

## "Muntik na Akong Mamatay pero Iniligtas Ako ng Diyos!"



Kapatid Bampa Sela Omer,
66 taon gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Nasuring may AIDS ako at nalaman ko na hindi na magtatagal ang buhay ko. Labis ang pagkalungkot ko. Bingyan ako ng tita ko ng mga librong sinulat ni Dr. Jaerock Lee, *Tasting Eternal Life before Death*, *Ang Mensahe ng Krus*, at *Ang Sukat ng Pananampalataya*. Nagkaroon ako ng pag-asa habang binabasa ko ang mga libro.

Noong Oktubre 2014, nagsimula akong dumalo sa Kinshasa Manmin Church at nabalitaan ko ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Lee. Nasigurado ko na gagaling ako kung aasa ako sa Diyos na tumutulong sa Punong Pastor. Itinigil ko ang pag-inom ng gamot at sinimulan kong dumalo ng pagsamba at pulong panalanging Daniel. Habang ginagawa ko ang mga ito, nagbalik ang lakas ng katawan ko.

Gusto kong lubos na gumaling. Sumama ako sa Retreat sa Tag-init noong 2015 sa pamamagitan ng GCN at tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor. Nang sandaling iyon, bumaba sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu, mainit ang pakiramdam ko.

Pagkatapos, nawala ang matinding pananakit ng mga binti ko, at bumuti na ang pakiramdam ko. Hindi na ako nahihilo at nakagagalaw na ako. Malaki ang pagbuti ng kondisyon ng kalusugan ko. Lahat ng butlig at sugat ay nawala. Naging malusog ako. Hallelujah!

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714